

# TIGDAS

## ANG TIGDAS AY MALUBHANG SAKIT

Ang tigdás ay malubhang sakit na nagdudulot ng pamamantal at lagnat.

Lubos na nakahahawa ang tigdás. Naipapasa ito kapag huminga, umubo o bumahin ang isang taong may tigdás.

Ang sinumang hindi nabakunahan ay mas posibleng magkatigdás.

Puwedeng mapanganib ang tigdás, lalo na para sa mga sanggol at maliliit na bata. Puwede itong magdulot ng pamamaga sa utak at impeksiyon sa бага. Sa mga bihirang sitwasyon, puwede itong makamatay.



## ANG PAGPAPABAKUNA ANG PINAKAMABUTING PARAAN UPANG PROTEKTAHAN ANG IYONG PAMILYA

Ligtas at lubos na mabisa ang bakuna sa Measles, Mumps, Rubella (MMR, Tigdas, Beke, Tigdas Hangin) upang makaiwas sa tigdás. Nagpoprotekta rin ito laban sa beke at tigdás hangin.

Inirerekomenda ng mga doktor na mapabakunahan sa Measles, Mumps, Rubella (MMR, Tigdas, Beke, Tigdas Hangin) ang lahat ng bata.

Mas ligtas ang magpabakuna sa Measles, Mumps, Rubella (MMR, Tigdas, Beke, Tigdas Hangin) kaysa sa magkatigdás.

Ang karamihan ng bata ay hindi nagkakaroon ng anumang side effect mula sa bakuna. Ang mga nangyayaring side effect ay karaniwang banayad lang at hindi nagtatagal, gaya ng lagnat, banayad na pamamantal, at pamamaga.



*Images: cdc.gov*

## HINDI NAGDUDULOT NG AUTISM ANG BAKUNA SA MEASLES, MUMPS, RUBELLA (MMR, TIGDAS, BEKE, TIGDAS HANGIN)

Walang nakitang ugnayan sa pagitan ng autism at bakuna sa Measles, Mumps, Rubella (MMR, Tigdas, Beke, Tigdas Hangin) sa kahit anong pag-aaral. Maingat itong pinag-aralan ng maraming doktor at siyentista mula sa iba't ibang panig ng mundo.

Pinag-aaralan ng mga siyentista kung ano ang nagpapataas sa posibilidad na magkaroon ng autism ang isang bata. Sang-ayon ang karamihan ng siyentista na posibleng resulta ang autism ng kombinasyon ng genes ng pamilya at mga kaganapan bago at pagkatapos manganak. Puwedeng kasama rito ang edad ng mga magulang sa panahon ng panganganak, karamdaman ng ina habang nagbubuntis, o mga dinanas na hirap sa panganganak. Pinag-aaralan din nila ang mga ugnayan sa pagitan ng autism at tirahan ng isang tao.

Kausapin ang iyong doktor kung may tanong tungkol sa tigdás o bakuna sa Measles, Mumps, Rubella (MMR, Tigdas, Beke, Tigdas Hangin).

**Para sa iba pang impormasyon:**  
[www.kingcounty.gov/measles](http://www.kingcounty.gov/measles)

**Public Health**  
Seattle & King County



Washington State Department of  
**Health**

# ANO ANG DAPAT GAWIN KUNG SA TINGIN MO AY MAY TIGDAS KA

## Mga sintomas ng tigdás at kung paano ito naipapasa

Kadalasang nagsisimula ang tigdás sa mataas na lagnat, ubo, sipon, at sa namumula at nagluluhang mata. Pagkaraan ng 3-5 araw, karaniwang nagsisimula ang pamamantal sa mukha at kumakalat sa iba pang bahagi ng katawan.

Puwede mong maipasa ang tigdás sa iba nang kasing aga ng apat na araw bago magsimulang mamantal at hanggang apat na araw pagkatapos unang lumabas ng mga pantal.

Puwede kang magkatigdás kung mapupunta ka sa kuwartong pinanggalingan ng isang taong may tigdás. Nananatili sa hangin ang virus ng tigdás nang hanggang dalawang oras pagkaalis ng taong iyon sa kuwarto.

## Agad na tumawag sa iyong doktor o klinika kung may makita kang sintomas

Sasabihan ka ng iyong doktor o klinika kung kailangan mong bumisita upang magpatingin.

Lubos na nakahahawa ang tigdás at hindi mo ito gustong maipasa sa isang tao sa kuwartong hintayan. Mahalagang maipaalam sa iyong doktor o klinika na may mga sintomas ka ng tigdás **bago** ka pumunta. Magbibilin sila sa iyo kung ano ang dapat gawin upang hindi mo maipasa ang tigdás.

## Manatili sa bahay kung may tigdás ka

Mahalagang hindi maipasa ang tigdás sa iba.

Manatili sa bahay kung may tigdás ka. Huwag pumunta sa paaralan, trabaho, tindahan, o sa bahay ng ibang tao.

Huwag tumanggap ng bisita sa iyong bahay kung nilalagnat o namamantal ka o ang iyong anak.

Para sa iba pang impormasyon: [www.kingcounty.gov/measles](http://www.kingcounty.gov/measles)